

## Bakit ko nakakatanggap ako ng Respondeng Pagtatasa sa Pamilya?

- Nakatanggap ang Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) ng ulat tungkol sa kaligtasan ng iyong anak.
- Natutugunan ng ulat ang legal na kahulugan ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata sa estado ng Washington (RCW 26.44.020).
- Hindi sinasabi ng ulat na nasa kagyat na panganib ang iyong anak.
- Nais ng DCYF na makipatulungan sa iyo para mapanatiling ligtas ang iyong anak.



## Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa aking kaso?

Kung mayroon kang reklamo o alalahanin tungkol sa kung paano pinangangasiwaan ang iyong kaso, tawagan ang iyong supervisor ng caseworker ng FAR.

Kung hindi pa rin naresolba ang iyong mga alalahanin, puwede kang tumawag sa Area Administrator (Tagapangasiwa ng Lugar).

Maaari mong tawagan ang Office of Constituent Relations (Tanggapan para sa Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan) sa 1-800-723-4831 para sa tulong anumang oras.

-o-

Maaari kang tumawag sa Ombuds* ng Tanggapan ng Pamilya at Mga Bata sa 1-800-571-7321.

**Ang ahensiyang ito ay hiwalay mula sa DCYF. Iniimbestigahan nito ang mga alalahanin tungkol sa DCYF.*

*Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).*

DCYF PUBLICATION CWP_0023 | DSHS 22-1534 TA (07-2021) Tagalog

# Respondeng Pagtatasa sa Pamilya (FAR)

***Ang paraan ng CPS para palakasin at suportahan ang mga pamilya.***



Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES



## Ano ang Respondeng Pagtatasa sa Pamilya (FAR)?

Ang FAR ay ibang paraan ng Mga Serbisyong Pagprotekta sa Bata ng Estado ng Washington para tugunan ang ilang mga ulat ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata. Bago ang FAR, tumutugon ang CPS sa mga ulat ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata nang may pag-iimbestiga.

**ANG FAR AY NAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA PAMILYA UPANG:**

- Suportahan sila kapag sila ay nasa krisis nang hindi hinahanap ang mga magulang na responsable sa pang-aabuso o pagpapabaya sa bata.
- Tulungan silang kumonekta sa kanilang mga komunidad.

**ANG MGA IMBESTIGADOR AT MGA CASEWORKER NG FAR AY PAREHONG:**

- Nakikipagtulungan sa mga pamilya para panatilihing ligtas ang mga bata.
- Tinutukoy ang mga pangangailangan ng mga pamilya.
- Binuo para sa kalakasan at mga masasanggunian ng magulang at komunidad.
- Naghahanap ng mga serbisyo para pagaanin ang mga nakaka-stress na sitwasyon na nagpapahirap sa pagtuon sa mga pangangailangan ng mga bata.

**MGA IMBESTIGASYON:**

- Tinutukoy kung may nangyaring pang-aabuso o pagpapabaya sa bata.
- Inaalam kung sino ang responsable para sa hinihinalang pang-aabuso o pagpapabaya. Isang finding tungkol sa kung nangyari ba ang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata. Itinatago ito sa mga record ng DCYF, at maaaring makaapekto sa trabaho sa hinaharap sa mga bata o vulnerable na mga nasa hustong gulang.

## Paano tumatakbo ang Respondeng Pagtatasa sa Pamilya?



Kapag nakatanggap ang DCYF ng ulat tungkol sa iyong pamilya, nakikipagtulungan ang caseworker ng FAR sa iyo para talakayin ang kaligtasan ng iyong mga anak.

Makikipagtulungan ang caseworker sa iyo para pagpasyahan kung kailangan mo ng mga serbisyo o suporta para pababain ang panganib ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata. Tutulungan ng iyong caseworker ang iyong pamilya na harapin ang mga hamon.

Ang karamihan sa mga kaso ng FAR ay nagsasara sa loob ng 45 araw. Gayunpaman, maaari mo at ng caseworker ng FAR na piliing nakabukas ang iyong kaso sa loob ng 120 araw, kung makakatulong ito para ipagpatuloy ang mga serbisyong sumusuporta sa magandang nasimulan mo na.

**MAY MAPAGPIPILIAN KA:**

- Maaari mong piliin na makipagtulungan sa FAR
  -o-
- Maaari mong piliin na magkaroon ng tradisyonal na imbestigasyon ng CPS

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong caseworker ng FAR tungkol sa mga serbisyong kinakailangan ng iyong pamilya, maaaring kang humiling ng pakikipagpulong sa kawani ng FAR para pag-usapan ang iba pang opsyon.

***Tutulungan ng iyong caseworker ang iyong pamilya na harapin ang mga hamon.***

## Paano ako matutulungan ng Respondeng Pagtatasa sa Pamilya?

Alam mo kung ano ang kinakailangan mo at ng iyong pamilya. Makikipagtulungan ang iyong caseworker ng FAR sa iyo para:

- Tukuyin kung paano mo mapapabuti ang kaligtasan ng iyong anak sa tahanan.
- Tugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng iyong pamilya.
- Paunlarin ang kakayahin para tulungan kang subaybayan ang iyong mga anak sa lahat ng edad at yugto.
- Bumuo ng mas malakas na koneksyon sa iyong komunidad.
- Maghanap ng mga masasanggunian at mga mentor para tugunan ang kasalukuyang mga alalahanin tulad ng pabahay, trabaho, o iba pang isyu na lumilikha ng stress sa iyo at sa iyong pamilya.

***Magkasama tayong magsisikap na buuin ang iyong kumpiyansa at kakayahan upang mapanatiling ligtas ang iyong mga anak.***